



Pebrero 2025

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga,

Ipinagmamalaki naming ianunsyo na makikibahagi ang **[ilagay ang pangalan ng paaralan]** sa [2025 Golden Sneaker Contest](#) mula Marso 3 hanggang Marso 14, na bahagi ng Programa ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County. Nag-aalok ang Golden Sneaker Contest ng pagkakataon sa bawat estudyante at sa kanilang mga miyembro ng pamilya na makibahagi sa aktibo at pinagsasaluhang transportasyon para sa kasiyahan, ehersisyo, at pagpapatibay ng samahan sa loob ng silid-aralan.

Kasama sa mga pagpipilian ang:

- Paglalakad
- Pagbibisikleta
- Pagpapatakbo ng wheelchair o mobility device
- Skateboarding, paggamit ng scooter, o anumang iba pang sasakyan na pinapatakbo ng tao
- Paggamit ng pampublikong transportasyon tulad ng AC Transit o BART
- Carpooling kasama ang ibang pamilya

Bilang bahagi ng Contest, ang iyong estudyante at ang kanilang mga kaklase ay magtatala ng kanilang mga aktibidad araw-araw sa tulong ng kanilang guro, na mag-uulat kung gumamit sila ng aktibo o pinagsasaluhang transportasyon upang makarating sa paaralan sa araw na iyon. Ang silid-aralan na may pinakamataas na porsyento ng nakilahok na estudyante sa mga aktibidad na ito ay mananalo ng mga espesyal na premyo para sa mga estudyante. Hinihikayat ang mga magulang at tagapangalaga na sumama sa kanilang mga estudyante para sa kasiyahan, kahit na ang mga aktibidad lamang ng estudyante ang bibilangin.

Hinihikayat namin kayo at ang inyong (mga) estudyante na makibahagi sa 2025 Golden Sneaker Contest. Kung mayroon kayong mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay **[ilagay ang pangalan]** sa **[ilagay ang numero ng telepono at/o email]**. Mag-enjoy sa pagiging aktibo!

Taos-pusong gumagalang,

[Iyong Pangalan]

Kampeon ng Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan